# KAPASIYAHAN BLG. 2021-110

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 2021-1 NG PAMBAYANG KAPULUNGAN SA KAUNLARAN NA NAUUKOL SA UPDATING NG LOCAL DEVELOPMENT INVESTMENT PROGRAM NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN PARA SA TAONG 2021."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Melvin H. Melencio**
*Tagapangulo*
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T,** naghaing ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 2021-1 mula sa Pambayang Kapulungan sa Kaunlaran;

**SAPAGKA'T,** ang Pamahalaang Bayan ng Bustos ay naglaan ng pondo sa ilalim ng Local Development Investment Program;

**SAPAGKA'T**, sa paglipas ng mga panahon ay nagkaroon ng mga programang pangkaunlaran na kinakailangang paglaanan ng mga pondo mula sa Local Development Investment Program;

**SAPAGKA'T**, sa taong 2021 ay nagkaroon ng mga programang hindi nakapaloob sa nasabing plano kung kaya minarapat na baguhin ng Kapulungan para ilaan sa mga karapat-dapat na paglaanan ng proyekto;

**SAPAGKA'T**, naglaan ng pondo ang Department of Budget and Management para sa Bayan ng Bustos bilang pagpapatupad ng FY 2021 Local Government Support Fund- Financial Assistance to LGU's (LGSF-FALGU) sa halagang Isang Milyon Siyam na Raan at Pitumpu't Isang Libo Apat na Raan at Apat napu't Anim na Piso (PhP1,971,446.00) para sa Pambayang Kapulungan sa Pamamahala sa Sakuna at nagkakahalaga ng Tatlong Daang Milyong Piso (PhP300,000,000.00) para sa 20% Development Fund;

**SAPAGKA'T**, naglaan ng pondo ang Kawanihan ng Ingay-Yaman para sa Bayan ng Bustos bilang pagpapatupad ng FY 2021 Local Development Support Fund-Disaster Rehabilitation and Reconstruction Assistance Program (LGSF-DRRAP) sa halagang Isang Milyon Limang Daan at Pitumpu't Siyam na Libo at Tatlumpu't Apat na piso (PhP1,579,034.00) para sa Pambayang Kapulungan sa Pamamahala sa Sakuna;

**SAPAGKA'T**, sa ginanap na pagpupulong ay napatunayang mas mapapabuti kung i-upgrade ang Local Development Investment Program at ilaan sa mga sumusunod na proyekto:

| **MDRRM Fund** | |
|---|---|
| Rehabilitation of bridge - Mahogany | PhP 700,000.00 |
| Procurement of Medicines and Supplies | 1,000,000.00 |
| Purchase of Rescue Equipment | 1,091,446.00 |
| Procurement of Welfare Goods | 579,034.00 |
| Procurement of Temporary Shelter Facility | 180,000.00 |
| | |
| **TOTAL** | **PhP 3,550,480.00** |

| **20% Development Fund** | |
|---|---|
| Improvement/ Construction of Local Roads (Malamig-Tibagan) | PhP 30,000,000.00 |
| Improvement/ Construction of Local Roads (Talampas-Liciada) | 30,000,000.00 |
| Improvement/ Construction of Local Roads (Talampas-Cambaog) | 30,000,000.00 |
| Improvement/ Construction of Local Roads (Tibagan-Malawak) | 30,000,000.00 |
| Improvement/ Construction of Local Roads (Tibagan, Bustos, Bulacan) | 30,000,000.00 |
| Improvement/ Construction of Local Roads (Poblacion-Tanawan) | 30,000,000.00 |
| Improvement/ Construction of Local Roads (Liciada-Talampas) | 30,000,000.00 |
| Improvement/ Construction of Local Roads (Malawak-Catacte) | 30,000,000.00 |
| Improvement/ Construction of Local Roads (Tibagat-Bonga Mayor) | 30,000,000.00 |
| Improvement/ Construction of Local Roads (Liciada Iwad, Bustos, Bulacan) | 30,000,000.00 |
| | |
| **TOTAL** | **PhP 300,000,000.00** |

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 2021-1 ng Pambayang Kapulungan sa Kaunlaran na nauukol sa updating ng Local Development Investment Program ng pamahalaang bayan ng Bustos, Bulacan para sa taong 2021.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-16 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-16 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim